Protocols para sa Campground at RV Parks: Appendix O

Mga Huling Pagbabago Simula 12/6/20:

- Mga Campgrounds at mga RV Parks ay pinapayagan basta ang mga bisita ay hindi mananatili ng buong gabi para sa mga dahilan ng libangan. Ang Campgrounds at RV parks ay pinapayagan na magkaloob ng akomodasyon para sa pagpigil ng COVID-19 at mga hakbang ng pagpigil, mga hakbang ng paggamot, akomodasyon para sa mga trabahador na kritikal, o sa pagkaloob ng mga pabahay na solusyon para maprotektahan ang mga homeless ay tinuturing na mga Kritikal na Negosyo. Ang mga pagbabago ay may highlight na dilaw

Ang mga tagubilin sa ibaba ay partikolar sa mga campgrounds at mga RV parks na pinayagan ng Order of the State Public Health Officer na magbukas. Karagdagan sa mga kondisyon na ipinataw ng mga partikolar na mga venues ng Gobernador, ang mga ganitong tipo ng negosyo ay kailangan sumunod sa mga kondisyones na inihatag sa checklist na ito.

Mga Campgrounds at mga RV Parks ay pinapayagan basta ang mga bisita ay hindi mananatili ng buong gabi para sa mga dahilan ng libangan. Ang campgrounds at RV parks ay pinapayagan na magkaloob ng akomodasyon para sa pagpigil ng COVID-19 at mga hakbang ng pagpigil, mga hakbang ng paggamot, akomodasyon para sa mga trabahador na kritikal, o sa pagkaloob ng mga pabahay na solusyon para maprotektahan ang mga homeless ay tinuturing na mga Kritikal na Negosyo. Mga Campgrounds at RV parks ay mananatiling sarado mula 10 p.m. and 5 a.m

Paki tala: Itong dokumentong ito ay maaring baguhin sa pagdating ng mga karagdagang impormasyon at mga resources kaya tiyakin na subaybayan ang Long Beach Covid-19 website sa www.longbeach.gov/covid19 ng madalas para sa mga pagbabago sa dokumentong ito.

Sakop ng checklist na ito ang mga:

(1) Patakaran at mga pagsasagawa para maprotektahan ang kalusugan ng mga empleyado

(2) Mga hakbang para masegurado ang physical distancing

(3) Mga hakbang para masegurado ang pagkontrol ng impeksyon

(4) Komunikasyon sa mga empleyado at publiko

(5) Mga hakbang para masegurado ang pantay-pantay **na** akseso sa mga serbisyong kritikal

Ito ang limang importanteng bahagi na kailangan matugunonan sa paggawa ng mga protocol ng inyong pasilidad.

PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

Lahat ng mga campgrounds at RV Parks na sakop ng patnubay na ito ay dapat mag-implementa ng lahat ng mga naaangkop na mga hakbang na nakalista sa ibaba at maging handa sa pagpapaliwanang kung bakit ang hakbang na hinid naimplementa ay di naangkop.

Pangalan ng Pasilidad: _____

Direksyon ng Pasilidad: _____

A. MGA PATAKARAN AT MGA PAGSASAGAWA SA LUGAR NG TRABAHO PARA MAPROTEKTAHAN ANG MGA EMPLEYADO (LAGYAN NG CHECK LAHAT NG ANGKOP):

- ❑ Lahat ng maaring magtrabaho sa kanilang mga bahay ay inatasan na gawin na ito.
- ❑ Mga bulnerableng mga tauhan (yung mga may idad lampas 65 at may mga pabalikbalik na kondisyong pangkalusugan) ay inatasan na maaaring gawin ang trabaho sa bahay kung kailanman posible.
- ❑ Ang mg proseso ng pagtrabaho ay isinaayos ng mapadami ang oportunidad ng mga empleyado na makapagtrabaho sa bahay. Bigyan ng konsiderasyon ang pag-alok sa mga trabahador na humihiling ng mga binagong mga tungkulin na makabawas ng kanilang kontak sa mga kostomer at mga empleyado.
- ❑ Mga salinsininan o mga hindi sabay sabay na iskedyul ng mapakinabangan ang physical distancing.
- ❑ Lahat ng empleyado (kasama na ang mga bayarang mga tauhan, docents, interns at mga boluntaryo; o kadalasang tinatawag na “mga empleyado”) ay nasabihan na huwag pumasok kung may sakit, o kung may nalapitang tao na may COVID-19. Naiintidihan ng mga empleyado na sundin ang Long Beach Health Office Order para sa self-isolation at quarantine, kung angkop. Mga patakaran ng pag-leave sa trabaho ay pinag-aralan at binago nang masegurado na ang mga empleyado ay hindi mapaparusahan kung sila ay mananatili sa bahay sa dahilan ng karamdaman.
    - May mga impormasyon sa sa mga iniisponsor ng employer o gobyerno na leave para sa mga empleyado na maaari mas madaling kumita habang sila ay nasa bahay. Tignan ang mga karagdagan impormasyon sa mga programa ng gobyerno na sumusuporta sa sick leave at worker’s compensation para sa COVID19 at ang karapatan ng trabahador sa mga compensation benefits at sa pagbalik trabaho kaugnay sa COVID-19 alinsunod sa Executive Order N-62-20 ng Gobernador.
- ❑ Kung kayo ay nasabihan na isa o mas madami pang empleyado ang nag positibo, o may sintomas na kaparehas ng COVID-19 (kaso), ang employer ay may plano o protocol na naisalugar na mag-isolate ang may kaso sa kanilang bahay at kinakailangan din ang agarang pag-quarantine ng lahat ng empleyado na nilapitan sa trabaho ng may kaso. Dapat bigyan ng konsiderasyon ng employer ang plano para sa lahat ng naka-quarantine na empleyado na magkaroon ng akseso o ma-test para sa COVID-19 nang ma-determina kung may mga iba pang nahawa sa trabahao, at maaaring mangailangan ng karagdagang hakbang ng pagkontrol ng COVID-19.
- ❑ Pag-check ng sintomas ay gagawin bago pumasok sa lugar ng trabahuhan. Dapat kasama sa pag-check ang pagtanong kung may ubo, maikling paghinga o lagnat at iba pang sinotmas na maaaring dinaranas ng empleyado. Ang pag check ay maaaring gawin sa labas o sa pagdating ng empleyado.
- ❑ Pag-check ng temperature ay dapat gawin sa lugar ng trabaho kung maggagawa.
- ❑ Kung sakaling 3 o mahigit ang nag-positive sa COVID-19 sa loob nga 14 araw, dapat ireport ito ng operator sa Long Beach Department Health and Human Services 562-570-INFO.

PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

- ❑ Lahat ng mga empleyado na may kontak sa publiko o sa ibang mga empleyado sa oras ng kanilang trabaho ay aalokin ng libreng pantakip sa mukha. Ang takip na ito ay dapat suot ng empleyado sa lahat ng oras ng trabaho kung may kasamang malapit o lalapit sa ibang tao. Hindi kailagangan magsuot ng pantakip kung ang empleyado ay mag-isa o na sa isang pribadong opisina na may mga harang.
- ❑ Inutusan ang mga empleyado na hugasan ang kanilang mga pantakip sa mukha araw-araw.
- ❑ Mga empleyado ay binigyan din ng gwantes para sa mga gawain na nangangailangan ng madalas na paghawak ng mga ibabaw o habang nagsasagawa ng screening ng sintomas.
- ❑ Ang mga empleyado ay may instruksyon na magpanatili ng anim (6) na talamapakan na distansya mula sa mga bisita at sa mga iba pang lugar ng sityo. Ang empleyado ay maaaring panandaliang lumapit kung kinakailangan para tulungan ang mga bata o sa kung ano pa mang mga pangangailangan.
- ❑ Ang restroom at iba pang mga karaniwang lugar ay palaging dinidisinfect sa sumusunod na iskedyul:
  - Restrooms _____
  - Iba pa _____
- ❑ May mga disinfectant at iba pang katulad na produkto para sa mga empleyado sa mga sumusunod na lokasyon:

  _____

- ❑ May hand sanitizer na mabisa laban sa COVID-19 para sa lahat ng empleyado sa mga sumusunod na lokasyon:

  _____

- ❑ Pinapaalalahanan ang mga empleyado na madalas maghugas ng mga kamay.
- ❑ Ang kopya ng protocol na ito na ipamigay sa bawat empleyado.
- ❑ Kung kailan maggagawa, ang bawat empleyado ay mayroon sariling equipment at binigyan ng instruksyon na iwasan ang pakikipaggamitan telepono, two-way radios, iba pang mga supplies, o mga equipment ng opisina kung posible. Sila ay may instruksyon din na huwag maghiraman ng PPE.
- ❑ Kung ang mga kagamitan ay pinaghihiraman, ito ay ididisinfect na isang panlinis na angkop para sa ibabaw, sa pagitan ng mga shifts o paggamit, kung alin man ang mas madalas, kasama sa mg sumunusnod: mga equipment ng opisina tulad ng copiers, fax machines, printers, telepono, keyboards, staplers, staple remover, letter openers, mga ibabaw sa resepsyon, hiramang mga workstations, audio at video equipment, walkie talkies, atbp.
- ❑ May panahon na inilaan para sa mga trabahador nang maggawa ang paglilinis sa oras ng trabaho. Ang mga paglilinis ay iniatas bilang bahagi ng mga gawain ng mga empleyado. Baguhin ang oras kung kinakailangan ng maseguro ang regular at masusing paglilinis ng trabahuhan. Maaari din kumuha ng taga-linis sa ibang kompanya kung kailangan, para makatulong kung kakailanganin pa ng mas matinding paglilinis.
- ❑ Imonitor ang mga pag-absent at bumuo ng listahan ng mga tauhan na maaring magrelyebo kung kailang kailangan.

PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

- ❑ Bigyan ng konsiderasyon ang paglagay ng mga portable at mahusay na mga air cleaners, pabutihin ang mga air filters ng gusali at gumawa ng mga modipikasyon ng madagdagan ang hangin galing sa labas at bentilasyon sa lahat ng mga opisina at iba mga espasyo.
- ❑ Baguhin ang mga meeting para masegurado ang physical distancing at isagawa ang mas maliliit na meeting para makapagpanatili ng mga patnubay ng physical distancing.
- ❑ Gawin ang mga meeting kasama ng mga trabahador sa telepono, webinar, sa labas kung posible. Bigyan ng konsiderasyon ang pag-iinterbyu o mga on-boarding ng bagong mga tauhan sa paraan birtwal kung posible.
- ❑ Lahat ng patakaran na insinilarawan sa checklist bukod doon sa mga kaugnay ng terms of employment at
- ❑ Mga patakaran na isinalarawan sa checklist na ito, maliban doon sa mga nasa terms of employment ay ipinatupad para sa mga tauhan ng delivery at iba pang mga taga ibang kompanya na nasa loob ng establisimiento.
- ❑ Opsyonal—Isalarawan ang ipa pang mga hakbang:

_____

B. MGA HAKBANG PARA SA SEGURADONG PHYSICAL DISTANCING

- ❑ Mag implementa ng mga hakbang para masegurado ang physical distancing na di kukulang sa anim na talampakan sa pagitan ng mga trabahador at mga bisita. Pwedeng kasama dito ang paglagay ng Plexiglass na harang sa pagitan ng mga tauhan at bisita sa tindahan, lobby, reception, o mga visitor centers o ang paggamit ng mga senyas na nagtuturo sa mga bisita kung saan tatayo o pipila. Mga bisita ay dapat idirekta kung saan tatayo, sa paggamit ng mga karatula na nakapaskil kung saan ito kailangan, kung naghihintay sa mga kuhaan ng tubig, RV dump stations, kuhaan ng propane, at iba pang mga katumbas na lokasyon.
- ❑ Ang mga tauhan ay pinapaalalahanan na iwasan ang pakikipagkamayan, fist bump, sikohan at iba pang pisikal na kontakto.
- ❑ Dapat mag-monitor ang mga operator ng lugar kung saan malamang nagtitipon-tipon ang mga tao at nang masegurado ang physical distancing at iba pang patnubay ay masunod. Ang mga lugar na ito maaaring ang mga swimmingan, lugar ng sports, skateparks, mga trail heads, mga madalas na tinatambayan, at mga piknikan. Mag lagay ng mga karatula na kailangan ang physical distancing.
- ❑ Ang mga sumusunod na mga lugar ay mananatiling bukas para gamitin ng mga miyembro na galing sa iisang tahanan lamang; mga court ng basketball, tennis, volleyball. Mga akyatan at mga palaruan ay mananatiling sarado. Mga akyatan at mga palaruan o playground ay maaaring magbukas ayon sa diskresyon ng operator at susunod sa patnubay ng State na matatagpuan dito.
- ❑ Para sa mga pasilidad para sa mga bayad at kontroladong mga aktibidad panlabas, bigyan ng konsiderasyon na magkaroon ng sistema ng reserbasyon na naglilimita ng bilang na mga bisita sa pasilidad.

- ❑ Bigyan ng konsiderasyon na mag-implementa ng mga remote nap ag-checkin para sa mga bagong dating at sa campground o sa RV park, kung saan posible. Mag paskil ng mga karatula sa pasukan ng park ng maipaalam sa mga bisita ang mga kailangan nilang gawin pagdating. Halimbawa, ilist ang phone number para ang mga bisita ay tumawag na lang kaysa pumunta sa lugar ng rehistrasyon. Hikayating ang paggamit ng pagbayad online, mga on-site na stasyon ng bayaran, credit card o gawin sa telepono ang pagbayad kung posible.
- ❑ Kung hindi maggawa ang remote na pag-checkin, i-checkin ang mga bisita sa labas, kung possible at i-email ang mga resibo. Kung saan kinakailangan, samahan o direktahin ang mga bisita direstso sa kanilang sityo sa kanilang pagdating na may pagsunod sa physical distancing. Isang household lamang ang dapat umokupa sa isang campsite o rental unit at ang mga bisitang hindi rehistrado ay di papayagan pumasok sa campground o RV park.
- ❑ Bigyan ng konsiderasyon ang pag-implementa ng processo ng mga bisita na mag pre-purchase ng mga bagay mula sa general store, kasama ang mga kahoy, pagkain, iba pang mga goods, at ipadeliver sa campsite o RV ng bisita.
- ❑ Dapat manatiling nakasara ang mga espasyo na ginagamit para sa mga pagtitipon. Kasama rito ang mga pavilions, communal fire rings, mga camp kitchens para sa publiko, at amphitheaters. Tanggalin, paghiwalayin ang mga bangko, o ipagbawal ang paggamit ng mga ito at ng mga picnic tables sa common area, maging ang umpukan sa mga fire pits, upang maiwasan ang pagkumpul-kumpul ng mga tao.
- ❑ Dapat manatiling kanselado o ipagliban ang lahat ng mga public events, mga pagtitipon tulad ng bonfires, group campsite presentations, mga musical performances at iba pa.
- ❑ Maaring panatiliing bukas ang mga picnic shelters na kasya ang isang pamilya (dapat ay isang pamilya lang ang gagamit) ngunit kailangang ipatupad ang physical distancing.
- ❑ Pag-aralan ang campground at RV park sites upang malaman kung dapat bawasan ang bilang ng mga papapasuking bisita upang mapanatili ang physical distancing.

MGA OUTDOOR ACTIVITIES

- ❑ Dapat tiyakin ng mga operators hindi pinahihintulutan ang mga mapeligrong aktibidad, maging ang mga di rekomendado ng state guidelines, sa loob ng pasilidad.
- ❑ Pag-aralan ang pagpapaupa at pagpapahiram ng mga kagamitang pang-rekreasyon upang malaman kung may sapat na bilang na staff at may mga supplies na panlinis at pang-disinfect sa muling pagbubukas ng operasyon. Dapat sumunod ang mga pagpapaupa sa Outdoor Equipment Rental Services Protocols (Appendix D).
- ❑ Kung kinakailangan, baguhin ang mga panlabas na recreational activities upang tiyakin ang pagpapatupad ng tamang paraan ng paglinis at pag-disinfect.
- ❑ May kaibang hamon ang paglinis at pagdisinfect ng mga tinatawag na “soft goods,” tulad ng mga life jackets, wetsuits, cotton lead ropes, saddle bags, or di pinahihintulutan backpacks. Kailangan silang linisin nang mabuti. Dapat ding may sapat na bilang ng mga kagamitan upang “maipahinga” ng di bababa sa tatlong araw matapos gamitin. Kailangan ito upang iwasan ang transmisyon ng COVID-19.
- ❑ Dapat isuspinde ang mga gawain at larong nangangailangang makalapit (high contact) ang mga nagsisilahok. Kabilang rito ang mga larong may mga koponan, pick-up basketball, mga intermural sports activities, karera, o sayawan.

PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

- ❑ Limitahan ang mga panlabas na recreational activities, high o close contact man, para sa isang pamilya lamang. Kabilang rito ang mga boat rentals, rope courses, at wall climbing. Pag-aralan kung maaaring magsagawa sa mga campgrounds at RV parks ng mga nature walks, movie nights, mini-golf, geocaching, scavenger hunts, or iba pang mga aktibidad para sa isang pamilya na di lumalabag sa physical distancing.
- ❑ Dapat nasa tamang layo ang staff kapag sinusuotan ang mga bisita ng helmet, protective clothing, lifejackets, at iba pang mga kagamitan. Hanggang maaari, dapat ipakita lang ng staff kung paano susuotin at tatanggalin ang mga kagamitan sa halip na lumapit at mismong tulungan ang mga bisita.

MGA PAMPUBLIKONG RESTROOM AT SHOWER FACILITIES

- ❑ Dapat linisin at i-disinfect buong araw ang mga pampublikong restroom. Ang dami ng bisitang papapsukin sa mga campground, RV park, or recreation area ay dapat nakabase sa dami ng mga magagamit na mga restrooms na hindi lumalabag sa physical distancing.
- ❑ Dapat regular na linisin sa maghapon ang mga pampublikong restroom gamit ang mga disinfectant na rehistrado sa EPA. Dapat madalas na linisin at i-disinfect ang mga madalas na hawakan tulad ng mga gripo, toilet, doorknob, at switch ng ilaw. Dapat turuan ang staff tungkol sa peligro at tamang paggamit ng mga bagong produkto ayon sa tagubilin ng Ca/OSHA. Dapat silang bigyan ng kinakailangang kagamitang pang-proteksiyon, tulad ng eye protection glasses o guantes, ayon sa gagamiting produktong panlinis.
- ❑ Magsagawa at mag-anunsiyo ng oras ng paglilinis sa bawat bukas na restroom facility. Ilagay ang oras ng paglilinis sa pinto upang malaman ng mga bisita kung kailan maaaring gamitin ang restroom. Siguraduhing nakasara ang restroom kapag nililinis o dini-disinfect.
- ❑ Magtalaga ng isang checklist o audit system upang masubaybayan kung gaano kadalas isinasagawa ang paglilinis.
- ❑ Ipagamit lang ang mga shower room kung nakapaglagay na ng mga partisyon o anunsiyo hinggil sa physical distancing. Kung hindi maaaring maglagay ng partisyon, hindi dapat bukasan ang mga nasabing pasilidad.
- ❑ Tiyakin na palaging magagamit ang mga palikuran at may sapat na supplies. Maglagay ng dagdag na mga sabon, paper towels, at hand sanitizer kapag kinakailangan. Maglagay ng mga hands-free devices, kung maaari, tulad ng lababong may motion sensor, mga gripo, at mga dispensers para sa sabon, sanitizer at paper towel
- ❑ Dapat nabubuksan at naisasara ang mga pinto ng mga multi-stall restroom na hindi kinakailangang hawakan ang mga handle ng mga ito. Kung hindi ito maaari, panatiliing bukas ang pinto o maglagay ng basurahan upang matiyak na may pagtatapunan ng paper town matapos buksan o Isara ang pinto. Hindi dapat nakaharang sa paglabas, ebakuwasyon, emergency equipment o iba pang mga sinasaad sa Americans with Disabilities Act. Tiyaking regular na itinatapon ang laman ng mga basurahan. Dapat payuhan ng management ng mga campground at RV park ang mga bisitang may mga sasakyang may sariling toilet at shower/bathing equipment na gamitin na lamang, hanggang maaari, ang mga pasilidad sa kanilang mga sasakyan sa halip na mga pampublikong pasilidad.

- ❑ Dapat balaan ang mga campground at RV na mga bisita na maaaring pagkunan ng impeksiyon ang mga lababo kaya dapat iwasang ipatong ang mga sepilyo sa ibabaw ng mga ito. Dapat ding gumamit ng mga totes para sa mga personal na gamit upang malimitahan ang pagpatong ng mga ito sa ibang mga lugar sa restroom.
- ❑ Ang management ng campground at ng RV park ay dapat hikayatin ang mga bisita na sa kanilang mga sasakyan na may toilet at shower/gamit pangligo na gamitin ang kanilang sariling pasilidad kaysa makigamit, kung posible.
- ❑ Magbigay ng impormasyon hinggil sa tamang paghuhugas ng kamay. Maglagay din ng mga anunsiyo sa loob ng mga restroom.

MGA SWIMMING POOL AT MGA AQUATIC VENUES

- ❑ Hindi dapat buksan ang mga sauna, steam room, at hot tub.
- ❑ Gumamit ng tamang proporsyon ng disinfectant (1-10 parts per million na free chlorine o 3-8 pp na bromine) at pH (7.2-8).
- ❑ Kunsultahin ang kumpanya o ang inhinyerong nag-design ng aquatic venue upang malaman kung anong disinfectant na aprobado ng EPA ang mainam para sa nasabing pasilidad. Tiyaking ligtas at tama ang pagtatabi ng mga disinfectant at hindi maaabot ng mga bata.
- ❑ Magtalaga ng sistema kung saan ang mga muebles o kagamitan (tulad ng mga lounge chairs) na kailangang linisin at i-disinfect ay nakahiwalay sa mga muebles na nalinis o na-disinfect na. Lagyan label kung nalinis o na-disinfect na ang mga kagamitan.
- ❑ Sabihan ang mga bisita na magdala ng sariling mga tuwalya. Kung may mga tuwalya magagamit sa pasilidad, labhan ang mga ito ayon sa tagubilin ng manufacturer. Gumamit ng pinakamainit na temperatura ng tubig sa paglalaba at lubusang tuyuin ang mga nilabhan. Gumamit ng mga disposable gloves sa paghawak ng mga tuwalya at huwag pagpagin ang mga ito.
- ❑ Sabihan ang mga bisita na huwag gumamit ng bagay na ginamit na ng iba, lalo ang mga mahihirap linisin o i-disinfect na isinusuot sa mukha (tulad ng mga goggles, nose clips, at snorkels).
- ❑ Tiyakin na may sapat na kagamitan ang pasilidad para sa mga bisita tulad ng kick boards, pool noodles, and iba pang mga salbabida para maiwasan ang hiraman hanggang maaari. Isang tao lamang ang dapat gumagamit. Linisin at idisinfect ang mga kagamitan matapos gamitin.
- ❑ Para sa indoor aquatic venues, buksan ang mga pinto at bintana at gumamit ng mga bentilador o iba pang mga paraan upang pumasok at umikot ang hanging galing sa labas. Ngunit huwag buksan ang mga bintana at pinto kung mangangahulugan ito ng peligro para sa staff, mga bisita, at mga lumalangoy.
- ❑ Baguhin ang layout ng mga lugar sa paligid ng pool upang matiyak na magkakaroon ng physical distancing. Maaaring tanggalin ang mga lounge chairs o ipagbawal gamitin ang ilang lugar.

- ❑ Maglagay ng mga palatandaan o gabay na makikita (tulad ng mga lane lines sa tubig o mga silya at mesa sa deck, mga tape sa deck, sa sahig o sa sidewalk) upang matiyak na may distansyang anim na piye sa pagitan ng mga staff, bisita, at mga manlalangoy.
- ❑ Kung posible, maglagay ng mga harang tulad ng Plexiglas kung naghahalubilo ang staff at mga bisita at mahirap panatiliin ang physical distancing.
- ❑ Magsagawa ng reserbasyon sa paggamit ng pool o magtalaga ng ibang sistema upang ipatupad ang physical distancing. Maaaring ipatupad ang reserbasyon sa paggamit ng indibidwal na lap swimming.
- ❑ lifeguarding lamang ang tanging trabaho ng mga lifeguards. Ibigay sa ibang staff ang tungkuling tiyakin na isinasagawa ang paghugas ng kamay, pagsuot ng face coverings, at physical distancing.
- ❑ Hindi dapat magkaroon ng mga pagtitipon sa mga aquatic venues.

MGA CABIN AT RENTAL UNITS

- ❑ Dapat linisin at idisinfect ang mga cabins o units na paupahan sa mga campgrounds at RV parks. Dapat linisin ang mga kama, mesa, remote ng TV, headboard, countertop, mga appliances sa kusina, hawakan ng refrigerator, mga stove knobs, mga salamin at iba pa.
- ❑ Sa pag-alis ng bawat bisita, dapat tanggalin at labhan ang lahat ng mga linen, ginamit man o mukhang hindi ginamit. Kapag lilinisin ang mga bedding, mga tuwalya o iba pang mga lalabhan sa mga units na paupahan, siguruhin may suot na disposable gloves ang staff. Itapon ang gloves matapos gamitin. Maghugas ng kamay o gumamit ng hand sanitizer pagkatanggal ng gloves. Huwag magtabi ng extra linen sa paupahang unit. Magbigay lamang kapag hiniling ng bisita.
- ❑ Huwag pagpagin ang mga lalabhan upang maiwasan ang pagkalat ng virus sa hangin. Maglaba ayon sa tagubilin ng manufacturer. Kung maaari, gumamit ng inakamainit ng temperature setting. Tuyuin mabuti ang mga nilabhan. Linisin at idisinfect ang mga hamper ayon sa tagubilin. Kung maaari, maglagay ng disposable na liner na maaaring disposable at itapon sa bawat paggamit o maaari din labhan sa bawat paggamit.
- ❑ Dapat linisin mabuti gamit ang sabon at mainit na tubig ang mga kagamitan sa kusina tulad ng kaserola, kawali at mga kubiyertos. Kung maaari, gumamit ng dishwasher. Maglagay ng sapat na sabong-panghugas at bagong espongha para sa bawat darating na bisita. Kung maaari, palitan ang mga kubiyertos ng mga dinnerware na pang-isahang gamit lang.
- ❑ Magtalaga ng 24 oras na paghihintay matapos mag-check out ang isang bisita bago ipalinis ang mga ginamit na akomodasyon, tulad ng mga paupahang unit, sa loob ng campgrounds.
- ❑ Hindi dapat buksan ang ano mang paupahang unit para sa mga malalaking pagtitipon, tulad ng mga kumperensiya o meetings hanggang hindi pinapayagan ang ganoong mga aktibidad.

MGA KAINAN

- ❑ Sundin ang mga protocol ng Long Beach Health Officer para sa mga restaurants.
- ❑ Hindi dapat payagan ang mga potluck o iba pang mga kainan na maaaring magdulot ng hawahan. Kung kinakailangang magsilbi ng pagkain o inumin, maaaring gawin ito na single-serve at nakalagay sa mga disposable na lalagyan hanggang maaari. Dapat madalas maghugas ng kamay ang mga staff o boluntaryo na magdadala ng mga pagkain. Dapat din silang magsuot ng mga disposable gloves at panakip sa mukha.

MGA LAUNDRY FACILITIES

- ❑ Kung kinakailangan, baguhin ang operating hours ng mga laundry room facilities upang matiyak na may sapat na panahong malinis ang ma-disinfect ng staff ang mga takip, pinto, lint screen ng laundry machine, ang mga tabletop at counters, mga silya at bangko, mga soap dispenser, vending machine, change machine, lababo at iba pang mga lugar sa laundry facility.
- ❑ Maglagay ng hand sanitizer at disinfecting wipes sa laundry room upang magamit ng mga bisita bago at matapos gamitin ang mga makina.
- ❑ Tanggalin ang lahat ng mga board games, libro, brochures at iba pang mga bagay sa laundry facilities. Tanggalin ang mga nakalagay na laundry basket o bins.
- ❑ Magsagawa ng appointment system sa paggamit ng laundry facility upang malaman ng staff kung kailan gagamitin ito at hindi magkakaroon ng interaksyon na hindi kinakailangan. Ikandado ang laundry facility kung walang appointment upang tiyakin ang sapat na panahon ng paglilinis.
- ❑ Kung hindi makakapagpatupad ng appointment system, ipatupad ang physical distancing sa pamamagitan ng pagsara ng makina sa pagitan ng dalawang ipapagamit ng mapanatili ang physical distancing sa mga bisita.
- ❑ Kailangang maghintay sa labas ng laundry facility ang mga bisita habang nilalabhan/tinutyo ang kanilang mga labada. Magtalaga ng mga signages upang malaman kung saan maaaring tumayo ang mga bisita. LImitahan ang pumapasok upang makagamit ng magkasamang mga makina ang mga bisita.
- ❑ Alamin ang kapasidad ng laki ng laundry facility at ipaskil ito sa pinto. Dapat sabihin kung ilang tao ang maaaring sabay na nasa loob. Ilagay din ang schedule ng paglinis at pag-disinfect.
- ❑ Alamin ang kapasidad ng laki ng laundry facility at ipaskil ito sa pinto. Dapat sabihin kung ilang tao ang maaaring sabay na nasa loob. Ilagay din ang schedule ng paglinis at pag-disinfect.

C. MGA HAKBANG SA KONTROL NG IMPEKSYON

- ❑ Kontakin ang mga nagpareserbang mga bisita bago pa man sila dumating para ikumpirma ang kanilang mga reserbasyon sa campgrounds at RV parks. Tanungin kung mayroon sa kanilang pamilya ang may mga sintomas ng COVID-19. Kung mayroon, ireskedyul o ikansela ang reserbasyon.
- ❑ Lubusang linisin sa maghapon ang mga lugar na maraming tao tulad ng mga check-in areas at lobby, visitor center, staff break rooms, restrooms, at pasukan at labasan, maging ang mga hagdan at handrails.
- ❑ Madalas na idisinfect ang madalas gamiting mga pinagpapatungan at mga bagay tulad ng manibela ng sasakyan, mga gear shifts, susi, water spigots, basurahan, lounge chairs, mga kagamitang marami ang gumagamit, doorknobs, toilet at mga pasilidad sa paghugas ng kamay.

PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

- ❑ Dapat konsultahin ng mga operator ang mga manufacturer ng mga equipment upang malaman ang angkop na paraan sa pag-disinfect, lalo ang mga may malambot na surface. Hikayatin na magdala ng sariling mga gamit ang mga bisita at gamitin ang mga ito hanggang maaari.
- ❑ Lagyan ng akmang sanitation products, tulad ng hand sanitizer at disinfectant wipes ang mga guest reception and check-in areas.
- ❑ Tanggalin sa mga reception areas ang mga amenities tulad ng trail maps, libro, magazines, kape, tubig, self-serve stations (maliban kung estilong touchless) at iba pang mga bagay para sa mga bisita upang bawasan ang mga punto ng paghahawahan at interaksyon. Maaaring bigyan sa kanilang pagdating ang mga bisita ng kanilang mga sariling trail maps at iba pang printed informational materials na kanilang pwedeng gamitin.
- ❑ Hanggang maaari, hindi dapat ipagamit sa mga bisita ang mga mahihirap na linisin at madalas hawakan na mga kagamitan, tulad ng mga board games o libro. Kung kinakailangang magpahiram o magpagamit, ilagay ang mga ito sa isang lalagyan sa loob ng tatlong araw bago muling ipagamit sa ibang bisita.
- ❑ Sundin ang mga guidelines ng CDC upang tiyakin na ligtas ang lahat ng mga water systems matapos ang matagal na pagkasara ng pasilidad. Ito ay upang maiwasan ang Legionnaires' disease at ano pang karamdamang nakukuha mula sa tubig.
- ❑ Kadalasan, walang panlinis ng mga kamay ang mga restroom na walang running water, tulad ng mga portable and vault toilets. Hiyakatin ang mga bisita na magdala ng kanilang hand sanitizer na may di bababa na 60% alcohol para gamitin sa mga lugar na ito. Kung may produktong panlinis ng kamay, siguraduhing napapanatiling malinis ang mga portable handwashing stations at may sapat na supply ng sabon, tuwalya at ang tubig ay parating puno.
- ❑ Mas madalas linisin ang mga restroom upang mahikayat ang mga campers at bisita na gamitin ang mga ito. Kung maaari, maglagay ng disposable seat cover sa mga restroom ng sa gayon maiwasan na ang mga campers ay humindi sa paggamit ng maduming restroom at magbanyo na lang sa labas.
- ❑ Hikayatin, hanggang maaari, ang mga bisita na dalhin pag-check out ang lahat ng kanilang ipinasok upang mabawasan ang dami ng basurang kailangang itapon ng staff sa campsite, park, trailhead o ano mang pasilidad.
- ❑ Mga water filling stations, RV dump stations at mga propane filling stations ay dapat linisin at idisinfect araw-araw at ang mga tauhan ay dapat punasan ang equipment sa bawat paggamit. Kung posible, maglagay ng hand sanitizer sa mga pasilidad para sa mga bisita at tauhan.

- ❑ Iwasan ng mga tauhan ang paghiraman ng mga tools, telepono, electronics, at office supplies at kung maaari, tiyakin na ang mga trabahador may kanyakanyang workstations. Huwag magpahiram ng PPE.
- ❑ Sa pagpili ng produkto ng panlinis, gamitin ang mga inaprobahan na N List ng Environmental Protection Agency (EPA) at sundin ang mga instrukyson. Gumamit ng mga disinfectant na mabisa sa ma umuusbong na pathogens, ihalo sa bleach (5 kuchara sa bawat isang galong tubig), o mga alchohol solutions na may di kukulang na 70% na alchol at angkop sa mga ibabaw. Bigyan ng mga training ang mga empleyado sa mga instruksyon ng manufacturer at ng Cal/OSHA para sa ligtas na paggamit. Mga trabahador na gumamit ng mga panlinis o disinfectant ay dapat mag-gwantes at magsuot ng PPE.
- ❑ Sa bawat paglagi ng bisita mga amenities sa bawat sityo ay kailangan punasan ng mabuti, linisin at idisinfect. Kasama dito ang BBQ grills, mga silya kasama na ang mga swing at bangko, water spigots and mga RV electrical at water na mga koneksyon.

PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

- ❑ Seguraduhin na lahat ng trabahador ay na-train sa paggamit ay may sapat na supply ng mga panlinis at disinfectant, kung kailan kailangan.
- ❑ Mga janitor ay dapat masabihan kung sila ay magtratrabaho sa lokasyon kung saan ang taong nahawa nanggaling. Nirerekomenda na kumuha ng mga marunong na mga tagalinis na taga labas para sa dekontaminasyon ng na-apektuhang lugar.
- ❑ Kung ang mga janitor ay magdidisinfect ng mga lugar na may COVID-19 cases, hindi sila pwedeng magsimula hanggang ang campground o RV operator ay nakapagbigay ng mga wastong PPE at pagsasanay. Mga janitor ay dapat magsuot ng disposable na gwantes para sa lahat ng paglilinis, kasama ang pagkuha ng basura. Pinapaalalahanan ang mga janitor na maghugas ng kamay gamit ang sabon at tubig agad agad pagkatanggal ng gwantes o kaya gumamit ng hand sanitzer. Karagdagang PPE ay maaaring kailanganin, kasama na ang goggles, batay sa mga panlinis at disinfectant na gagamitin at kung may panganib na matalsikan.
- ❑ Mga janitor ay bibigyan ng training at impormasyon sa mga panganib ng mga panlinis at disinfectant na ginagamit, may mga ibibigay din na mga safety data sheets, kailangan ng PPE at ng bentilasyon.
- ❑ Mayroong sapat na bentilasyon o ang pagdaloy ng hangin sa mga lugar na nililinis. Kung paglinis sa banyo o maliit na lugar, buksan ang pinto at bintana.
- ❑ Para mabawasan ang panganib ng hika dahil sa pagdisinfect, kailangan pumili ng disinfectant na nasa N list na may asthma-safer ingredients (hydrogen peroxide, citric acid o lactic acid). Iwasan ang produktong may peroxyacetic acid, sodium hypochlorite (bleach) o quaternary ammonium compounds, dahil nakaka-sanhi ng hika.Kailangan paalalahanan ang mga bisita ng campground at RV park na magpanatili ng anim na talampakan na distansya mula sa mga maintenance at mga janitor. Magpasatupad ng proseso ng regular nap ag-check na matiyak na sumusunod ang mga bisita sa protocol. Tiyakin ang mga trabahador ay pinapamahagi ang impormasyon ng walang takot na gantihan.
- ❑ Ang operasyon ng campground at RV park ay dapat suriin kung ang dog park ay sapat ang laki para tanggapin ang mga bisita at ang kanilang mga alagang hayop habang nagpapanatili ng physical distancing. Kung hindi sapat ang espayso, palakihin ang dog park, na may limitasyon, o kaya ay isara.

D. MGA HAKBANG PARA SA KOMUNIKASYON SA PUBLIKO

- ❑ Ang mga operators ng campground at RV park ay dapat gumawa ng mga hakbang nang maipaalam sa mga bisita ang mga bagong patakaran bago sila dumating. Kasama sa mga patakaran na ito ang karapatan ng mga operators na magkansela ng ng reserbasyon ng mga bisita na may sintomas; mag bagong proseso ng pag-checkin, mga physical distancing; at iskedyul ng pagdisinfect at paglilinis ng mga accommodations, amenities at mga karaniwang lugar tulad ng lugar ng check-in o rehistrasyon at ang tindahan ng park o visitor center.
- ❑ Magbigay ng mga impormasyon sa bisita tungkol sa mga sumusunod na paksa:
    - Magplano ng maaga, magpareserba at bumili na ng mga permits, kahoy, yelo at iba pang mga gay o itawag ang order bago dumating.
    - Maging handa at mag-sariling sikap. Halimbawa, dumating ng handa na may sariling sabon, pangdinsinfect, hand sanitizer, paper towels, bimpo, at toilet paper. Hinihiling din na magala ng mga disinfecting wipes para linisin bago at pagkatapos gamitin ang mga karaniwang lugar. Magdala ng sariling sports equipment, tuwalya at first aid, at iba pang mga bagay na kailangan para sa mga outdoor recreation kung posible. Mga

bisita ay dapat magdala ng plastic na mantel para sa mga mesa na maaaring itapong o iuwi muli para hugasan.

- Para seguradong mapanatili ang physical distancing, dapat ayusin ang campsite o ang piknikan para masagad ang distansya ng mga katabing campsite at piknikan ng ibang mga pamilya.
- Maraming programa at mga pasilidad ang maaaring ikansela o isara, kaya dapat tignan online ng mga bisita para sa mga bagong impormasyon hinggil sa mga pagbabago o mga sarado na kailangan malaman bago dumating.
- Sundin lahat ng mga protocol ng paglilinis para sa self-service facilities at amenities bago gamitin.
- Iwanan ang mga mesa at silya sa piknik kung paano sila nahanap dahil marahil yan inayos ng ganyan para sa physical distancing.
- Sundin ang mga marka ng mga direksyon, maghintay ng inyong turno at sundin ang mga kapasidad – yan ay para maipalam sa lahat ang physical distancing sa mga gusali, sa mga bistahan at sa mga paligid na mga masikip ng lugar.

- ❑ Planuhin ang pagbiyahe sa ligtas at responsable paraan. Maging mapag-alala na ang operasyon ng kalikasan at pagligtas ay maaaring mangailangan ng maraming emergency responders at mga karagdagang pangangailangan para sa ma healthcare resources ay nilalagay sa lahat ang panganib. Panatiliin ang sistema ng komunikasyon ng mapayagan ang tauhan at pamilya na sila mismo ang magreport ng sintomas at nang makatanggap ng madaling abiso ng mga pagkakahawa o pagsarado, habang may confidentiality.Ang kopya ng protocol na ito nakapaskil sa mga pasukan.
- ❑ May mga karatula na nakapaskil nagsasasabi sa mga bisita na manatili sa bahay kung may mga sintomas na katulad ng COVID-19.
- ❑ Mga outlet sa online (website, social media, atbp.) ay nagbibigay ng malinaw na impormasyon tungkol sa oras, pangangailangan ng takip sa mukha, limitadong kapasidad, patakaran hinggil sa pag pre-booking, prepayment iba pang mga importanteng mga isyu.

E. MGA HAKBANG NANG MASEGURO ANG PANTAYPANTAY NA AKSESO SA MGA SERBISYONG KRITIKAL

- ❑ Mga serbisyong kritikal sa mga campers ay binigyang priyoridad.
- ❑ Mga hakbang ay intinaguyod na para sa paniguradong servisyo sa mga campers na may limitasayon sa paggalaw at/o nasa mataas na panganib sa mga lugar pampubliko.

Any additional measures not included above should be listed on separate pages, which the business should attach to this document.

Maari niyong kontakin ang sumusunod na tao kung may tanong o komento hinggil sa protocol na ito:

Kontak sa Negosyo: _____

Telepono: _____

Petsa ng Huling Pagbabago: _____